Ang pinakakaibig-ibig sa mga bayan kay Allāh ay ang mga masjid ng mga ito at ang pinakakasuklam-suklam sa mga bayan kay Allāh ay ang mga palengke ng mga ito."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang pinakakaibig-ibig sa mga bayan kay Allāh ay ang mga masjid ng mga ito at ang pinakakasuklam-suklam sa mga bayan kay Allāh ay ang mga palengke ng mga ito."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakakaibig-ibig sa mga lugar kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay ang mga masjid ng mga iyon dahil ang mga ito ay mga bahay ng mga pagtalima at ang pundasyon ng mga ito ay nasa taqwā (pangingilag magkasala) at ang pinakakasuklam-suklam sa mga lugar kay Allāh ay ang mga palengke ng mga iyon dahil ang mga ito kadalasan ay puwesto ng pandaraya, panlilinlang, ribā (patubo sa utang), mga sinungaling na panunumpa, pagsira sa pangako, at pag-ayaw sa pag-alaala kay Allāh.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4933